Department of
Primary Industries and
Regional Development

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

Protect
Grow
Innovate

# Abalone

## Gabay sa libangang pangingisda 2023/24



**Kinakailangan ang lisensya upang makapangisda ng abalone**

## Pakitandaan:

BAGO Isinara ang pangingisda ng Greenlip abalone sa Busselton Jetty hanggang Shoal Cape

Magsisimula ang open season ng West Coast Zone sa Disyembre at ang pangingisda ay tuwing Sabado sa pagitan ng ika-7 ng umaga at ika-8 ng umaga sa:

– Ika-9 ng Disyembre 2023
– Ika-13 ng Enero 2024
– Ika-3 ng Pebrero 2024
– ika-17 ng Pebrero 2024

Inilathala noong Nobyembre 2023

# Mga Nilalaman

**Isda para sa hinaharap ........................................... 1**

**Mga panuntunan sa libangang pangingisda ............ 3**

Mga lisensya........................................................ 3

Huwag mangisda para sa ibang tao....................... 3

Mga panahon at lokasyon ..................................... 3

Bawal ang pangingisda ng abalone sa hilaga ng Moore River ....................................... 3

Mga zone ng panlibangang abalone at sea urchin sa Western Australia.......................... 5

West Coast Zone (Zone 1) .................................... 6

Southern Zone (Zone 3) ........................................ 7

Limitasyon ng bag (maximum) .............................. 8

Pagmamay-ari ng abalone ..................................... 8

Limitasyon ng Pagmamay-ari ................................. 8

Limitasyon ng bangka............................................ 9

Minimum na laki ................................................... 9

Pagsusukat ........................................................... 9

Pagkuha ng abalone mula sa bahura .................. 10

Shucking ............................................................ 10

Ban sa pain......................................................... 10

Mga parusa sa ilegal na pangingisda................... 11

Mga limitasyon sa sea urchin .............................. 11

**Mga lugar ng konserbasyon ng dagat ..................... 12**

Marmion and Shoalwater Islands Marine Parks ...................................................... 12

Watermans Reef Observation Area – Bawal ang pangingisda ....................................... 12

Rottnest Island.................................................... 12

Cottesloe area .................................................... 13

Ngari Capes Marine Park .................................... 13

**Mga tip para sa kaligtasan kapag nangingisda ng abalone ........................................................... 14**

Pangangalaga sa huli .......................................... 14

Biosecurity ......................................................... 15

# Isda para sa hinaharap

Isang kilalang aktibidad sa paglilibang ang pangingisda ng Abalone na may tinatayang 16,513 lisensya sa panahong 2022/23.

Maaaring mabago bawat taon ang haba ng open season ng libangang pangingisda upang masigurong napapamahalaan ang panlibangang panghuhuli sa isang napapanatiling  pamamaraan.

Nakatakda ang kasalukuyang alokasyon ng panlibangang panghuhuli sa Zone 1 sa 23.6 tonelada.





Roe's abalone



Greenlip abalone



Brownlip abalone

# Mga panuntunan sa libangang pangingisda

## Mga lisensya

Kailangan ay mayroon kang lisensya upang mangisda ng abalone at maghanda na kumuha kung kinakailangan. Mag-apply para sa isang bagong lisensya o i-renew ang dati nang lisensya online sa aming website na **fish.wa.gov.au** Bilang kahalili,  ang mga form ng aplikasyon ay makukuha mula sa mga opisina ng  Kagawaran ng Pangunahing Industriya at Pagpapaunlad ng Rehiyon (DPIRD).

> **Tandaan:** Hindi mo kailangan ng lisensya upang mangisda ng susong-dagat na may kalisag (sea urchin). Gayunpaman, kung gumagamit ka ng de-makinang bangka (powered boat) upang makapunta sa puwesto ng pangingisda, kakailanganin mo ang isang Libangang Pangingisda lisensya mula sa Lisensya ng Bangka.

## Huwag mangisda para sa ibang tao

Pinahihintulutan lamang ang mga nangingisda bilang libangan na mangolekta ng abalone at sea urchin para sa kanilang mga sarili at hindi para sa ibang tao, kahit na magkakasama sila sa parehong grupo.

## Mga panahon at lokasyon

Maaari lamang mangisda o kumuha ng abalone ang mga nangingisda bilang libangan sa panahon ng open season.

## Bawal ang pangingisda ng abalone sa hilaga ng Moore River

Hanggang walang karagdagang  abiso, ipinagbabawal ang pangingisda ng abalone sa hilaga ng Moore River. Kabilang sa pagsasara ang bahagi ng West Coast Zone (ang hilagang lugar ng Moore Rover) at ang buong Northern Zone, na dumadaloy mula Greenough River mouth hanggang sa hangganan ng Northern Territory.

**West Coast Zone (Zone 1)**

Ang West Coast Zone ay umaabot mula sa Busselton Jetty hanggang Greenough River mouth. Pinagsasama nito ang lahat ng mga isla sa loob ng zone kabilang ang Rottnest, Carnac, Garden at Penguin Islands.

**Open season:** Ang mga sumusunod na Sabado mula Disyembre 2023 hanggang Pebrero 2024 (kasama lahat) ika-7 ng umaga– ika-8 ng umaga.

- Ika-9 ng Disyembre 2023
- Ika-13 ng Enero 2024
- Ika-3 ng Pebrero 2024
- Ika-17 ng Pebrero 2024

**Tandaan:** Maaaring mabawasan o mapahaba ang bilang ng mga araw ng pangingisda sa zone na ito kung ipinapakita ng in-season na pagsubaybay na kinakailangang protektahan ang mga stock o magbigay ng pagkakataon na kunin ang bahagi sa naging huli ng sektor ng libangan.

Kung inaasahan ang masamang lagay ng panahon, aaksyon ang DPIRD ayon sa payo ng Surf Life Saving Western Australia upang isara ang palaisdaan. Pinapaalalahanan ang mga mangingisda na maaaring mag-iba ang lokal na lagay ng panahon sa mga lokasyon ng pangingisda at dapat managot ang mga mangingisda para sa kanilang sariling kaligtasan – walang pagkakataon na dapat pumalaot ang mga mangingisda maliban kung may tiwala sila sa kanilang kakayahang kayanin ang mga kondisyon ng dagat.

**Nakasarang lugar:** Sarado ang hilagang lugar ng Moore River sa pangingisda ng abalone hanggang walang dagdag na abiso.


**Bukas na lugar:** Moore River hanggang Busselton Jetty para sa abalone. Greenough River mouth hanggang Busselton Jetty para sa sea urchin.

**Pagsisid:** Hindi maaaring gumamit ang mga nangingisda bilang libangan ng SCUBA o hookah gear (naka-compress na hangin na ibinibigay sa ibabaw) upang manguha ng abalone sa zone na ito.

**Northern Zone (Zone 2)**
Nakasara ang hilagang lugar ng Moore River (na kinabibilangan ng buong Northern Zone) sa pangingisda ng abalone hanggang sa susunod na abiso. Gayunpaman, pinahihintulutan ang pangingisda ng sea urchin sa zone na ito sa pagitan ng 1 Oktubre at 15 Mayo sa susunod na taon.


**Southern Zone (Zone 3)**
Umaabot ang Southern Zone mula Busselton Jetty hanggang sa hangganan ng South Australia. Bukas ang zone sa pangingisda ng abalone sa pagitan ng ika-1 ng Oktubre at ika-15 ng Mayo sa susunod na taon.
**Pagsasara:** Sarado ang lugar na mula Busselton Jetty hanggang Shoal Cape sa pangingisda ng greenlip abalone.

## Mga zone ng panlibangang abalone at sea urchin sa Western Australia




# West Coast Zone (Zone 1)


**Greenough River mouth hanggang Busselton Jetty**



# Southern Zone (Zone 3)

**Busselton Jetty hanggang Shoal Cape**



## Limitasyon ng bag (maximum)







**Roe's abalone**

- 15 bawat mangingisda kada sesyon sa West Coast Zone (Zone 1)
- 20 bawat mangingisda kada araw sa Southern Zone (Zone 3)




**Greenlip/brownlip abalone** (pinagsama)

- 5 bawat mangingisda kada araw
- Lumalapat ang limitasyon ng isang bag ng 5 brownlip kung ipinagbabawal ang pagkuha ng greenlip abalone

## Pagmamay-ari ng abalone

Kung wala silang lisensya, hindi maaaring magmay-ari ang isang tao ng abalone sa gilid ng dagat ng marka ng mataas na tubig (ang tabing dagat).

Kapag pumalaot ang isang bangka upang manguha ng abalone sa panahon ng season, kailangang maiahon ang abalone pagsapit ng ika-8.00 ng gabi kung hindi, sila ay may ginagawang paglabag.

Ipinagbabawal ang pangingisda ng greenlip abalone mula sa Busselton Jetty hanggang Shoal Cape.

## Limitasyon ng Pagmamay-ari

Ibig nitong sabihin ay ang maximum na bilang ng abalone na pagmamay-ari mo, kahit na hindi mo kinuha ang mga ito mula sa dagat sa parehong araw. Lumalapat ang limitasyon ng pagmamay-ari na 20 Roe's at 10 greenlip/brownlip abalone (pinagsama) kahit saan maliban sa iyong permanenteng lugar ng paninirahan.

80 Roe's abalone at 20 greenlip/brownlip abalone (pinagsama) ang maximum na bilang ng abalone na maaaring pagmamay-ari ng isang tao sa kanilang permanenteng lugar na paninirahan.

## Limitasyon ng bangka

- Walang lumalapat na limitasyon ng bangka sa Roe's abalone.
- Maaaring dalhin sa bangka ang maximum na 5 greenlip/brownlip abalone (pinagsama) bawat mangingisda kada araw (o 10 kung saan 2 o higit pang lisensyadong mangingisda ang nakasakay), maliban sa mga ipinagbabawal na lugar.

## Minimum na laki


**Roe's abalone**

- Legal na limitasyon sa minimum na laki – 60mm

**Greenlip/brownlip abalone**

- Legal na limitasyon sa minimum na laki – 140mm

Iligal ang pagkuha ng abalone na mas maliit kaysa sa limitasyon sa  minimum na laki.




## Pagsusukat

Sukatin ang bawat abalone sa pinakamalapad na bahagi ng shell gamit ang isang panukat (gauge) ng abalone , na  makukuha sa mga tindhang tackle shop. Ang pagsukat na gamit ang ibang kagamitan, katulad ng pagmamarka ng screwdriver, ay maaaring magdulot ng mga pagkakamali.

Kapag nasa sisidlan ng huli mo na ang isang abalone, itinuturing na itong huli mo. Huwag hintaying makabalik sa baybayin bago sukatin at bilangin ang huli mo.

Legal kang inaatasang sukatin ang bawat abalone habang kinokolekta mo ito. Dapat na ibalik sa bahura kaagad at nang maingat ang lahat ng maliit na abalone bago ka kumuha ng susunod na abalone.

## Pagkuha ng abalone mula sa bahura

Upang dagdagan ang tsansa ng pagkabuhay, tiyakin na sukatin ang bawat abalone bago mo ito kunin mula sa bahura upang masiguro na nasa legal itong sukat. Pagkatapos, upang alisin ito, magpasok ng flat na patalim sa ilalim ng kanto ng abalone at iangat ito nang mabilis at malakas na pagsikwat. Bilanging mabuti ang huli mo; ang limitasyon ng bag (tingnan ang pahina 8) ay mahigpit na ipinapatupad upang protektahan ang pagpaparami ng mga stock, kaya huminto ka na sa pangingisda kapag naabot mo na ang iyong limitasyon. Ang pagkuha ng mas maraming abalone at pagkatapos sa kalaunan ay itatapon ang mga ito, ay pabigat sa populasyon ng abalone dahil ang mga itinapon na mga hayop ay malamang na mamamatay .

## Shucking

Iuwi ang huli mo para linisin ang mga ito. Hindi pinahihintulutan ang pag-aalis ng mga abalone mula sa kanilang mga shell (shucking) sa loob ng 200 metro ng marka ng mataas na tubig.

Hindi puwedeng i-shuck ang abalone sa dagat at dapat na panatilihin sa kanilang mga shell upang masuri ang mga laki nito ng kawani ng DPIRD.

## Ban sa pain

Ipinagbabawal ang paggamit ng karne ng abalone o anumang parte ng abalone bilang pain sa pangingisda at may lumalapat na mabigat na multa.

## Mga parusa sa ilegal na pangingisda


Mahalaga ang mga panuntunan sa pangingisda upang matiyak na nasa  napapanatili na antas ang pangingisda. Maaaring sumailalim ang lahat ng pangingisda sa pagbabantay ng mga Opisyal ng Fisheries at Marine. Ang pangingisda nang wala sa panahon, pagkuha ng maliit o ipinagbabawal na abalone, pangingisda sa saradong mga tubig o pagmamay-ari ng higit sa limitasyon ng iyong sesyon ay maaaring magbunga ng mga parusa na kasingtaas ng $10,000 at  idagdag pa ang hanggang  10 beses na halaga  sa dolyar ng species.

Iligal para sa mga nangingisda bilang libangan na ibenta ang kanilang huli. Ang multa na kasingtaas ng $400,000 at  idagdag pa hanggang sa 10 beses na halaga ng huli – o pagkakabilanggo – ang maaaring  ilapat.

Ayon sa *Mga Regulasyon ng Pamamahala ng Fish Resources 1995,* dapat na manatiling wala sa tubig ang mga mangingisda kung mayroon silang anumang abalone fishing gear hanggang sa magsimula ang season, at pagkatapos magtapos ang season.

## Mga limitasyon sa sea urchin

Ang limitasyon ng isang bag para sa sea urchin ay 20 bawat mangingisda kada araw. Walang limitasyon sa pagmamay-ari o laki.



Susong dagat na may kalisag (Sea urchin)

# Mga lugar ng konserbasyon ng dagat

## Marmion at Shoalwater Islands Marine Parks

Puwede kang manguha ng  abalone sa panahon ng open season, maliban sa mga sanctuary zone at sa special purpose (siyentipikong reperensya) zone ng Murray Reef sa Warnbro Sound. Hindi ka puwedeng kumuha ng sea urchin o iba pang shellfish. Ang mga oras ng pangingisda ng open season ay ika-7.00 ng umaga  – ika-8.00 ng umaga  (tingnan ang pahina 4 para sa mga petsa ng season).  may inilalapat na mga limitasyon ng bag at laki.

## Watermans Reef Observation Area – Bawal ang pangingisda

Ang lugar na ito na pumapalibot sa lumang WA Marine Research Laboratories sa Watermans. Umaabot ito mula sa hilagang bahagi ng Elsie Steet hanggang sa timogang bahagi ng Malcolm Street at lumalagpas ng 300 metro patungo sa dagat ng marka ng mataas na tubig. Hindi ka puwedeng kumuha ng anumang species kabilang ang abalone, anumang iba pang shellfish, sea urchin, alimango, rock lobster at pugita.

## Rottnest Island

Hindi ka puwedeng kumuha ng sea urchin o anumang shellfish. Gayunpaman, puwede kang manguha ng abalone sa panahon ng open season, maliban sa mga sanctuary zone (tingnan ang pahina 4 para sa mga petsa ng season). May inilalapat na mga limitasyon sa bag at laki.

## Cottesloe area

Dahil sa mababang bilang ng abalone sa Cottesloe area, pinasimulan ang isang pagsasara sa panlibangang pangingisda ng abalone noong 2003. Umaabot ang pagsasara na ito mula sa timog ng main Cottesloe groyne hanggang Rous Head kung saan ay hindi ka puwedeng kumuha ng abalone, sea urchin o anumang iba pang shellfish.

## Ngari Capes Marine Park

Ang marine park na ito, sa pagitan ng Busselton at Augusta, ay nagkabisa noong 10 Abril 2019. Hindi ka puwedeng kumuha ng abalone sa mga sanctuary zone.

# Mga tip para sa kaligtasan kapag nangingisda ng abalone

- Dalhin ang iyong huli sa isang maluwag na pagkakatahi na net bag; pahihintulutan nito na tumagos ang tubig at hindi makapagdaragdag ng bigat.
- Ikabit ang iyong pangsukat na gauge sa galanggalangan  mo; huwag itong isabit sa leeg mo.
- Pag-aralan ang alon bago ka pumalaot at bantayan ang pagbukol ng tubig (swell)habang nangingisda – madali  kang masusugatan sa mga bahura.
- Magsuot ng pangprotektang sapin sa paa at isang wetsuit o magaan na pananamit na hindi bibigat kapag nabasa na.
- Kung hindi ka sigurado kung masyadong mahirap ang mga kondisyon, huwag ka nang tumuloy.
- Kapag nagkaroon ng problema, subukan na manatiling kalmado  at itaas ang isang braso (isang internasyonal na signal ng problema) para humingi ng tulong.

## Pangangalaga sa huli


Panatilihing nasa maayos na kondisyon ang huli mo sa pamamagitan ng:

- paglalagay ng abalone sa isang maluwag  ang pagkakatahi na net bag, na nagpapahintulot na lumusot  ang tubig dito.
- pag-iimbak ng abalone sa isang malamig, malilim na lugar kung magtatagal ka sa tabing dagat.

## Biosecurity


Upang mapanatiling ligtas sa peste at sakit ang tubig ng WA, pakilinis nang mabuti at tuyuin ang lahat ng gear bago lumipat ng ibang lugar para mangisda.


Makakatulong ka ring maprotektahan ang aming mahalagang aquatic environment sa pamamagitan ng pag-uulat ng anumang peste sa tubig o sakit (kabilang ang mga fish kill) sa FishWatch sa 1800 815 507.












WESTERN AUSTRALIA

# Ang huli na naghihintay buong taon…

**Maikli ang abalone season, maghanda at magplano nang maaga para maging sulit ito.**

Para sa lokasyon, mga tip sa pangingisda at kaligtasan bisitahin ang **mybeach.com.au/abalone**

**Recfishwest**

Gusto mo ang pangingisda? Kami rin!

Bilang nangunguna sa panlibangang pangingisda (rec fishing), ang aming layunin ay tiyakin ang magandang karanasan sa pangingisda para sa lahat ng komunidad ng WA habambuhay.

Bisitahin ang aming website upang malaman ang tungkol sa magagandang inisyatiba sa pangingisda.

recfishwest.org.au

Iulat ang mga nakikitang pating sa Water Police sa

**9442 8600**

I-download ang SharkSmart WA app

SWITCH ON YOUR SEA SENSE

SHARKSMART.COM.AU

# Alamin ang mga panuntunan sa libangang pangingisda

**Madaling manatiling updated sa mga panuntunan sa libangang pangingisda ng Western Australia. Maging mga limitasyon man sa bag at sukat, seasonal na pagsasara o lisensya, madali mong makukuha ang mga panuntunan.**

Pumunta sa **fish.wa.gov.au/rules** para sa mga panuntunan na sumasakop sa higit 180 species ng isda. Gamitin ang interactive na mga mapa upang tuklasin ang impormasyon tungkol sa mga marine protected area at mga karaniwang species ayon sa rehiyon.

Nagbibigay ang libreng Recfishwest app ng access sa mga panuntunan kahit wala ka sa kayang-abot ng senyal (range) ng telepono at may aspeto na madaling pagkilala ng isda.

Download on the App Store

GET IT ON Google Play

Kumuha ng kopya o mag-download sa **fish.wa.gov.au/guide**

## Mahalagang disclaimer

Ang Punong Tagapagpaganap ng  Kagawaran ng Pangunahing Industriya at Pagpapaunlad ng Rehiyon at ang Estado ng Western Australia ay hindi tumatanggap ng anumang pananagutan dahil sa kapabayaan o kung hindi man ay nagmumula sa paggamit o paglalabas ng impormasyong ito o anumang bahagi nito.

Ang lathala na ito ay upang magbigay ng tulong o impormasyon. Isa lamang itong gabay at hindi pinapalitan ang *Batas sa Pamamahala ng Mga Yamang Isda 1994 o ang Mga Regulasyon ng Pamamahala ng Fish Resources 1995.* Hindi ito maaaring gamitin na depensa sa korte. Ang impormasyong ibinigay ay kasalukuyan sa petsa ng pag-imprinta ngunit maaaring magbago. Para sa pinakabagong impormasyon sa pangingisda at mga buong detalye ng batas ay makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng DPIRD o bisitahin ang **dpird.wa.gov.au**

Copyright © Estado ng Western Australia ( Kagawaran ng Pangunahing Industriya at Pagpapaunlad ng Rehiyon), 2023

**fish.wa.gov.au/abalone**

# Makipag-ugnayan sa amin

1300 374 731 (1300 DPIRD1)

enquiries@dpird.wa.gov.au

Para sa pinakabagong listahan ng mga lokasyon ng opisina, bisitahin ang
**fish.wa.gov.au/locations**

## dpird.wa.gov.au

FISHWATCH
REPORT
- Illegal fishing
- Pests and diseases
- Fish kills

1800-815-507
24 HOUR REPORTING

I-scan upang iulat ang iligal na pangingisda.

ABN: 18 951 343 745

PB030-23-02 NOV 2023 Illustrations © R.Swainston/www.anima.net.au